SDVOTE
IPAKOREO ITO. IHULOG ITO. BUMISITA.

# Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa opisina para sa Ika-8 ng Abril, 2025, Unang Superbisoryal na Distrito, Espesyal na Primaryang Eleksyon ay magsisimula sa Lunes, Ika-10 ng Marso sa Tagapagrehistro ng mga Botante sa County ng San Diego na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, Suite 100, San Diego, CA, 92123 sa County Operations Center campus sa Kearny Mesa.

- Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas para sa pagboto mula Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Sa pinal na araw ng pagboto, Ika-8 ng Abril, ang mga oras ng pagboto ay magbabago mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

**Vote Center sa Distrito 1 ay Bukas ng Sabado, Ika-29 ng Marso:**

- Simula Sabado, Ika-29 ng Marso, pitong mga vote center sa paligid ng distrito ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Sa pinal na araw ng pagboto, Martes, Ika-8 ng Abril, labintatlong mga vote center ang magbubukas sa paligid ng distrito mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Pagsusuri sa Lohika at Ganap na Kawastuhan ng Sistema ng Pagboto:

- Inaasahang magsisimula sa Ika-25 ng Pebrero mula ika-9 ng umaga hanggang ika-4:30 ng hapon.
- Magpapatuloy sa Ika-27 ng Pebrero, araw-araw o hanggang sa makumpleto.

Pagproseso ng mga Balotang Pangkoreo:

- Inaasahang magsisimula ang pagbeberipika ng mga pirma sa mga sobreng pagbabalikan sa Ika-13 ng Marso.
- Inaasahang magsisimula ang pagbubukas at paghahanda para sa tabulasyon ng mga pangkoreong balota sa Ika-17 ng Marso.
- Inaasahang magsisimula ang pag-scan ng balota sa Ika-28 ng Marso.
- Inaasahang magsisimula ang adyudikasyon ng balota sa Ika-1 ng Abril.

Ang mga resulta ng botohan ay ipo-post sa sumusunod na iskedyul:

- Pagkatapos ng ika-8 ng gabi, Martes, Ika-8 ng Abril (matapos magsara ang mga vote center, ang pana-panahong pag-update ng mga resulta ay magpapatuloy sa buong gabi hanggang sa mai-report ang lahat ng mga balota ng mga vote center).
- Pagkatapos ng gabi ng eleksyon, ang susunod na pag-update sa mga hindi opisyal na resulta ay ipo-post ayon sa sumusunod na iskedyul:
    - Pagsapit ng ika-6 ng gabi, Huwebes, Ika-10 ng Abril, Biyernes, Ika-11 ng Abril, at Lunes, Ika-14 ng Abril.
    - Maaaring magkaroon ng mga karagdagang pagpo-post ayon sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante kung saan ang petsa ng susunod na pagpo-post ay malinaw na ipapakita sa hindi opisyal na resulta na bulletin.

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa makumpleto ang opisyal na canvass ng eleksyon sa o bago mag Ika-8 ng Mayo.

Mangyaring tandaan na ang opisina ay magsasara sa Ika-31 ng Marso bilang pag-obserba sa Cesar Chavez Day.

Pinapayagan ang pampublikong obserbasyon sa alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas. Kung kayo ay mayroong organisadong grupo ng mga boluntaryo at nais i-coordinate ang mga aktibidad ng inyong grupo para mag-obserba, kontakin kami sa 858-565-5800.